

Umiiral at nakaplanong mga hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay para sa mga taong may magkakaibang lahi

Departamento ng mga serbisyong pang bilangguan

Departamento ng mga serbisyong pangbilangguan (CSD) ay nakatuon sa pagtaguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi. Lahat ng mga tao na nakabilanggo ay nakatanggap ng parehong pagtrato nang walang kinalaman sa kanilang nasyonalidad o lahi. Ang mga hakbang ng ibinigay ng CSD upang suportahan ang mga PIC ng magkakaibang lahi ay nakalagay sa ibaba.

A. Mga hakbang upang suportahan ang mga taong nasa bilangguan

Umiiral na mga hakbang

- Isang kopya ng mga Libro ng Impormasyon ng Bilanggo, na nakalimbag sa 27 na wika (hal.: 28 na mga bersyon kasama ang tradisyonal at pinasimpleng Tsino) ay inilathala sa mga PIC sa pagpasok upang matulungan silang maunawaan ang kanilang mga karapatan at ang mga pangkalahatang kondisyon at mga kinakailangan ng mga institusyon ng bilangguan.
- Magbibigay ang CSD ng mga serbisyo ng interpretasyon para sa mga PIC ng magkakaibang lahi kung kinakailangan. Kapag nararamdaman nila na sila ay naagrabyado sa mga pagtrato sa mga institusyon ng bilangguan o may anumang mga reklamo tungkol sa kanilang mga karapatan, isasagawa ang mga serbisyo sa interpretasyon ayon sa kahilingan upang matiyak ang kanilang pantay na karapatang gumawa ng mga katanungan o maghain ng mga reklamo.
- Gumagamit ang CSD ng mga aparatong mobile na tablet na may kakayahan sa pagsasalin ng wika batay sa teksto (may kakayahang magsalin ng 62 na mga wika) upang mapadali ang komunikasyon sa pagitan ng kawani ng pang-unang linya (frontline) at mga PIC ng iba pang mga nasyonalidad kaagad.
- Ginawa ng CSD ang “Libro ng Parirala sa maraming wika para sa mga Biglang Pangangailangan” (Multilingual Phrasebook for Emergencies” na inilathala ng Kawanihan ng mga Kapakanan sa Sariling Bayan (Home Affairs Bureau) na mayroon sa lahat ng mga ospital na nasa loob ng mga institusyon ng bilangguan para magamit ng mga PIC kung kinakailangan.
- Nagbibigay ang CSD ng mga libro sa mga wika maliban sa Intsik at Ingles sa mga aklatan ng institusyon ng bilangguan para sa mga PIC.
- Nag-hahandog ang CSD ng mga klase ng pag-aaral ng Kanton (Cantonese) at mga kit para sa sariling pag-aaral ng Kanton (Cantonese) sa mga PIC ng magkakaibang lahi upang mapahusay ang kanilang kakayahang magsalita at maunawaan ang mga Kanton (Cantonese) at tulongan silang maiangkop sa buhay ng institusyonal.
- Tumatanggap ang CSD ng mga Opisyal na Pang-konsulado ng iba’t ibang mga bansa at nakikilahok sa kanilang mga aktibidad sa pagbabahagi upang mapahusay ang pakikipag-ugnayan at komunikasyon na maaaring maging angkop sa

paglutas ng mga problema ng mga PIC na nagmula sa mga hadlang sa komunikasyon at pagkakaiba sa kultura.

- Nirerespeto ng CSD ang mga kalayaan sa relihiyon ng mga PIC ng magkakaibang lahi. Mga iba't ibang serbisyo kabilang ang mga pagbisita, edukasyon, pagpapayo at pagsamba sa relihiyon ay ibinibigay ng mga pastor at iba't ibang organisasyon na pangrelihiyon. Ang Departamento ay kokunsultahin ang kani-kanilang mga Konsulado sa mga relihiyosong kasanayan ng mga PIC na magkakaibang lahi kung kinakailangan.
- Nakikipagtulungan ang CSD sa mga hindi pang gobyernong organisasyon upang magbigay ng iba't ibang mga klase ng libangan upang matulungan ang rehabilitasyon ng mga PIC ng magkakaibang lahi.
- Nagbibigay ang CSD ng isang DVD na may mga pagsasalaysay sa 10 iba't ibang mga wika upang maibrodcast sa mga bagong tinanggap na PIC sa panahon ng Panimulang Programa upang matulungan silang maunawaan ang buhay ng institusyonal.
- Ang CSD ay nag eempleyo ng mga retiradong opisyal bilang mga Opisyal ng Institusyonsa Pakikipag-ugnayan sa ilalim ng Pagkalipas ng Pagreretirong Kontrata ng Serbisyo (Post-retirement Service Contract) upang hawakan ang mga katanungan at mga reklamo ng mga PIC ng ibang nasyonalidad. Upang mapanatili ang kaayusan at disiplina sa mga institusyon ng penal, mga Opisyal ng Institusyon sa Pakikipag-ugnayan ay tutulong sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan at pagtatalo sa panahon ng pagkabilanggo sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga pulong na harapan sa mga PIC ng iba pang nasyonalidad upang masagot at pangasiwaan ang kanilang mga katanungan at mga reklamo.

Pagsusuri sa hinaharap na trabaho

- Regular na susuriin at rerepasuhin ng CSD ang patakaran/ mga hakbang at kanilang pagpapatupad para sa mga PIC ng magkakaibang lahi para sa karagdagang pagpapahusay.
- Ang CSD ay mangongolekta ng datos sa mga gumagamit ng serbisyo para sa layunin ng pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng oportunidad.

B. Pagsasanay sa mga tauhan

Umiiral na mga hakbang

- Inihanda ng CSD ang “Mga Alituntunin sa pagtaguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi” at “Patakaran sa Pahayag tungkol sa pagkakapantay-pantay ng lahi” alinsunod sa Ordinansa ng Diskriminasyon sa Lahi para sa pagsunod ng mga kawani.
- Nag-upload ang CSD ng may-kaugnayang impormasyon sa pagkakapantay-pantay ng lahi para sa Sistema ng Pamamahala ng Kaalaman (isang plataporma ng pagbabahagi ng kaalaman sa kagawaran ng intranet) regular para sa sanggunian ng mga kawani.

- Nagbibigay ang CSD sa mga kawani ng pagsasanay sa mga magkakaibang wika ng iba't ibang lahi kabilang ang Nepali, Urdu, Vietnamese,

Indonesian, Punjabi at Spanish sa paminsan-minsan.

- Isinama ng CSD ang pagsasanay sa pagkakatantay-pantay ng lahi sa bagong kasapi at mga programang pagsasanay sa loob ng institusyon para sa mga kawani. Ang mga konsulado ng iba't ibang mga bansa ay inaanyayahan upang magsagawa ng pagsasanay sa kamalayan sa kultura para sa mga kawani paminsan-minsan.

Pagsusuri sa hinaharap na trabaho

- Regular na susuriin at rerepasuhin ng CSD ang patakaran sa pagsasanay upang ayusin ang mga angkop na kurso sa pagsasanay para sa mga kawani upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa pagkakatantay-pantay sa lahi.

Mga katanungan ng publiko/ mga reklamo

Para sa mga pampublikong katanungan at mga reklamo, mangyaring makipag-ugnay sa Punong Opisyal (Mga Serbisyo ng Pamamahala) sa 2582 6025 at Punong Opisyal (Pangkat ng pag-iimbestiga ng mga reklamo) sa 2151 4499 ayon sa pagkakabanggit.

**Departamento ng mga serbisyong pang bilangguan
Abril 2020**